**Department of Education**
Region III
**DIVISION OF ANGELES CITY**
Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City

Tel. No. (045) 322-5722; 322-4702/Fax Nos. (045)887-6099
email address: angeles.city@deped.gov.ph

RELEASED
FEB 15 2018
By
DepED Angeles City
Division of City Schools

**DIVISION ADVISORY**
No. 45, s. 2018

**To:** Heads of Public Elementary and Secondary Schools

**From:** OIC-Schools Division Superintendent

**Subject:** Pambansang Seminar-Worshap, Kumperensiya, at Pakitang Turo 2018

**Date:** February 12, 2018

---

This is to inform all concerned that De La Salle University-Manila will conduct Pambansang Seminar-Workshap, Kumperensiya at Pakitang-turo 2018 on April 25-28, 2018 at Yuchengco 407-409, De La Salle University, Manila.

Attached is a letter from Dr. David Michael M. San Juan, Director, for reference and information.

**LEILANI S. CUNANAN, CESO VI**
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

*lynvlansangan/chiefsgod*

De La Salle University-Manila
Kolehiyo ng Malalayang Sining
**Departamento ng Filipino**

DepED R.O. III
RECEIVED
FEB 02 2018

01 Pebrero 2018

**DR. MALCOLM S. GARMA**
**Director, Department of Education-Region 3**

Mahal na Dr. Garma,

Lumiham po kami upang hilingin sa inyong butihing tanggapan na ipalaganap ang impormasyon hinggil sa **Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo 2018** na may temang "**Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at Outcomes-Based sa Wika at Panitikang Filipino Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo**" sa **Abril 25-28, 2018.** Gaganapin po ito sa **Yuchengco 407-409** sa DLSU.

Inilabas po ng DepEd Central Office ang DepEd Advisory No. 022, Series of 2018 noong Enero 24, 2018 tungkol dito. Kaugnay po nito ay hinihiling namin sa inyong butihing tanggapan na maglabas din ng division advisory/memorandum para sa malawakang diseminasyon ng impormasyon hinggil sa aktibidad na ito.

Kaugnay ng **Continuing Professional Development (CPD)**, ang partisipant sa seminar-worksyap, presentor/panelista sa kumperensya, at demonstration teacher sa aktibidad na ito ay maaaring makakuha ng **credit units batay sa Seksyon 4 (bilang 3 sa pahina 3) ng Resolution No. 11, Series of 2017 ng Professional Regulatory Board for Professional Teachers** na makikita sa http://www.prc.gov.ph/uploaded/documents/resoProfTeachers2017-11.pdf Ang mga magpapasa ng kumpletong papel sa kumperensya ay maaaring magkaroon ng **karagdagang credit units ng CPD** (batay sa bilang 4.3.1 sa pahina 4 ng nabanggit na dokumento) kapag naisagawa nila ang rebisyong kailangan para sa pamantayan ng refereed journal ng conference proceeding.

**Ang EARLY BIRD rate (hanggang Marso 30)** po ay **4,000 piso**. Mayroon din pong **GROUP PROMO (hanggang Marso 30 din):** sa bawat 5 na magpapatala mula sa isang paaralan, LIBRE ang ika-6 (5+1). Saklaw po ng bayarin sa rehistrasyon ang (3) tanghalian at pitong (7) meryenda para sa 4 na araw ng seminar. Hindi saklaw ng bayarin ang akomodasyon.

Para makapag-avail ng **EARL BIRD rate at/o GROUP PROMO**, mangyaring ideposito ang bayad sa **UCPB Acct. No. 120-114-711-9** sa account name na "De La Salle University" **hanggang Marso 30. Pagkatapos po nito ay aplikable na ang REGULAR RATE** na **4,500 piso**. Paki-scan po at paki-email sa **pambansangseminar@gmail.com** ang deposit slip (dalhin ang orihinal sa araw ng seminar) kalakip ang inyong buong pangalan, paaralan/opisina, at contact number.

Sa mangangailangan ng matutuluyan/akomodasyon, kontakin po ang YMCA: (02) 527-6982 to 85 o 528-0559; Boy Scouts of the Philippines: (02) 522-0047; PNU Hostel: 317-1768 loc.773/531; UCCP Shalom Center Hotel: 0917-886-017. Para sa update o mga katanungan: www.facebook.com/PambansangSeminar at **0927-2421-630**

Kalakip po ng liham na ito ang kalatas ng tagapangulo ng CHED, DepEd Advisory, at Training Matrix, kaugnay ng Pambansang Seminar-Worksyap 2018.

Matapat na sumasainyo,

**Dr. David Michael M. San Juan**
Direktor, Komite sa Pambansang Seminar-Worksyap 2018

**PROGRAMA**

**Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo 2018**
**Tema: "Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at Outcomes-Based sa Wika at Panitikang Filipino Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo"**

Unang Araw (Abril 25, 2018): SEMINAR
7:00 – 9:00 ng umaga: **REHISTRASYON at MERYENDA**
9:00 – 9:30 ng umaga: **Pambansang Awit at Panalangin**
**Bating Pagtanggap**
**Dr. Ernesto Carandang II (Tagapangulo, Departamento ng Filipino, DLSU-Manila)**
9:30 – 11:30 ng umaga: ***Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, at Interaktibo sa Wika***
**G. Ramilito Correa (Pangulo, Sanggunian sa Filipino/SANGFIL; Pangalawang Tagapangulo, Departamento ng Filipino, DLSU-Manila)**
11:30 – 12:00 ng tanghali: **Open Forum**
12:00 – 1:00 ng hapon: **TANGHALIAN**
1:00 – 5:00 ng hapon: ***Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, at Interaktibo sa Panitikan***
**Dr. David Michael San Juan (Pangulo, Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino/PSLLF; Associate Professor, Departamento ng Filipino, DLSU-Manila)**
***Mga Gawaing Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at OB sa Pagsasalin***
**Dr. Raquel Sison-Buban (Pangulo, Pambansang Asosasyon ng Mga Tagapagtaguyod ng Salin/PATAS; Associate Professor, Departamento ng Filipino, DLSU-Manila)**

Ikalawang Araw (Abril 26, 2018): KUMPERENSYA
7:00 – 8:00 ng umaga: **REHISTRASYON at MERYENDA**
8:00 – 12:00 ng tanghali:
Sesyong Paralel 1: Paksang Pangwika
Sesyong Paralel 2: Paksang Pampanitikan
Sesyong Paralel 3: Paksang Pampedagohiya
Sesyong Paralel 4: Iba Pang Paksa
12:00 – 1:00 ng hapon: **TANGHALIAN**
1:00 – 5:00 ng hapon:
Sesyong Paralel 1: Paksang Pangwika
Sesyong Paralel 2: Paksang Pampanitikan
Sesyong Paralel 3: Paksang Pampedagohiya
Sesyong Paralel 4: Iba Pang Paksa

Ikatlong Araw (Abril 27, 2018): SEMINAR AT WORKSYAP
7:00 – 8:00 ng umaga: **REHISTRASYON at MERYENDA**
8:00 – 10:00 ng umaga: ***Mga Gawaing Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at OB sa Araling Pansining at Pampelikula*** **Dr. Manny Gonzales (Pangulo, Pampelikulang Samahan ng mga Dalubguro/PASADO)**
10:00 – 10:30 ng umaga: **Open Forum**
10:30 – 12:00 ng tanghali: **Panonood at Pagsusuri ng Piling Pelikula**
12:00 – 1:00 ng hapon: **TANGHALIAN**
1:00 – 5:00 ng hapon: **WORKSYAP SA PAGHAHANDA NG KAGAMITANG PANTURO AT PREPARASYON PARA SA PAKITANG-TURO**
Ikaapat na Araw (Abril 28, 2018): PAKITANG-TURO
7:00 – 8:00 ng umaga: **REHISTRASYON at MERYENDA**
8:00 – 11:00 ng tanghali: **Mga Pakitang-Turo**
11:00 – 12:00 ng tanghali: **Pagkakaloob ng Sertipiko**

**TRAINING MATRIX**

| Time Frame | Araw 1 (Abril 25) | Araw 2 (Abril 26) | Araw 3 (Abril 27) | Araw 4 (Abril 28) |
|---|---|---|---|---|
| 7:00-8:00 am | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda | Rehistrasyon at Meryenda |
| 8:00-9:00 am<br>9:00-10:00 am<br>10:00-11:00 am<br>11:00-12:00noon | *Panimulang Mga Aktibidad<br>*Pagsasanay sa Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, at Interaktibo sa Wika | Sesyong Paralel 1: Paksang Pangwika<br>Sesyong Paralel 2: Paksang Pampanitikan<br>Sesyong Paralel 3: Paksang Pampedagohiya<br>Sesyong Paralel 4: Iba Pang Paksa | *Pagsasanay sa Mga Gawaing Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at OB sa Araling Pansining at Pampelikula<br>*Aktibidad sa Panonood at Pagsusuri ng Piling Pelikula | Mga Pakitang-Turo |
| 12:00-1:00 pm | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian | |
| 1:00-2:00 pm<br>2:00-3:00 pm<br>3:00-4:00 pm<br>4:00-5:00 pm | *Pagsasanay sa Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, at Interaktibo sa Panitikan<br>*Pagsasanay sa Mga Gawaing Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at OB sa Pagsasalin | Sesyong Paralel 1: Paksang Pangwika<br>Sesyong Paralel 2: Paksang Pampanitikan<br>Sesyong Paralel 3: Paksang Pampedagohiya<br>Sesyong Paralel 4: Iba Pang Paksa | *Worksyap sa Paghahanda ng Kagamitang Panturo at Preparasyon para sa Mga Pakitang-Turo | |

**Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo 2018**
**Tema: "Pedagohiyang Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at Outcomes-Based sa Wika at Panitikang Filipino Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo"**

# IMPORMASYON PARA SA MAGPAPASA NG PROPOSAL PARA SA PAKITANG-TURO (DEMONSTRATION TEACHING)

Ang Word file ng proposal para sa pakitang turo ay dapat ipasa sa format na simple lesson plan na akma para sa araling pang-1 oras lamang. Anumang aralin sa wika, panitikan, obra maestra, kultura, MTB-MLE, komunikasyon, Filipino, Araling Pilipinas at iba pang kaugnay na larangan ay maaaring gamitin para sa proposal sa pakitang-turo. Ipadala sa pakitangturo@gmail.com kalakip ang kalakip ang inyong buong pangalan, paaralang pinagtuturuan o opisinang pinagtatrabahuhan, email address at contact number. **Ang deadline ng pagpapasa ng proposal para sa pakitang turo ay sa Marso 30, 2018.** Maaaring makakuha ng **credit units ng Continuing Professional Development (CPD)** ang demonstration teacher sa aktibidad na ito ay batay sa Seksyon 4 (bilang 3 sa pahina 3) ng Resolution No. 11, Series of 2017 ng Professional Regulatory Board for Professional Teachers na makikita sa http://www.prc.gov.ph/uploaded/documents/rescProfTeachers2017-11.pdf

~~~

# IMPORMASYON PARA SA MAGPAPASA NG ABSTRAK SA KUMPERENSYA

Nakapokus sa mga paksang PANGWIKA, PAMPANITIKAN, at PAMPEDAHOHIYA ang mga inaasahang abstrak. Ang abstrak na inaasahang isusumite ng mga guro sa mga larangang ito'y maaaring sumaklaw sa alinman sa mga sumusunod na ispesipikong paksa at mga katulad at kaugnay na paksa:

**PAKSANG PANGWIKA**

- Pagpaplanong Pangwika
- Kurikulum ng Filipino
- Leksikograpikong Pag-aaral
- Mga Varayti ng Wika
- Teorya at Praktika ng Pagsasaling-Wika

**PAKSANG PAMPANITIKAN**

- Panunuring Pampanitikan
- Pagsusuri ng Mga Obra Maestra
- Panitikan sa Social Media
- Sumisibol na Panitikang Rehiyonal at Nasyonal
- Pagsasalin ng Akdang Pampanitikan

**PAKSANG PAMPEDAGOHIYA**

- Teorya at Praktika ng MTB-MLE
- Aksyong Pananaliksik (Action Research) sa Wika, Panitikan, MTB-MLE At Iba Pa
- Inobatibong Pagtuturo ng Mga Obra Maestra
- OBE sa Pagtuturo ng Filipino
- OBE sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan
- Kooperatibo at Koloboratibong Dulog sa Pedagohiya

**Ipadala ang Word file ng abstrak na hindi hihigit sa 300 salita, kalakip ang inyong buong pangalan, paaralang pinagtuturuan o opisinang pinagtatrabahuhan, email address at contact number sa** alona.ardales@dlsu.edu.ph

**Ang deadline ng pagpapasa ng abstrak ay sa Marso 30, 2018.** Hindi required ang pagpapasa ng buong papel. Ang mga magpapasa ng buong papel ay maaaring magkaroon ng oportunidad na mailathala ang kanilang papel sa isang online refereed journal ng conference proceedings.

Ang mga magpapasa ng kumpletong papel sa kumperensya ay maaaring magkaroon ng **credit units ng Continuing Professional Development (CPD)**, batay sa bilang 4.3.1 sa pahina 4 ng Resolution No. 11, Series of 2017 ng Professional Regulatory Board for Professional Teachers na makikita sa http://www.prc.gov.ph/uploaded/documents/rescProfTeachers2017-11.pdf
~~~

Advisory Blg. 022, s. 2018
Enero 24, 2018
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP, KUMPERENSYA, AT PAKITANG-TURO 2018
NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA

Ang De La Salle University-Manila ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo 2018 na may temang Pedagohikang Kooperatibo, Integratibo, Interaktibo, at *Outcomes-Based* sa Wika at Panitikang Filipino Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo mula Abril 25 hanggang 28, 2018 sa Yuchengco 407–409 sa De La Salle University, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pedagohiyang kooperatibo, integratibo, interaktibo, at *outcomes-based* sa wika at panitikan;
2. Mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa paggamit ng iba't ibang midya sa pagtuturo ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't ibang antas;
3. Mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
4. Makatulong sa *retooling* ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't bang antas; at
5. Makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo at pananaliksik ng/sa Filipino sa iba't ibang antas at larangan.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-worksyap ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan sa iba't ibang antas.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kina:

- Dr. David Michael M. San Juan
  Direktor
  Komite sa Pambansang Seminar 2018
  Departamento ng Filipino
  De La Salle University (DLSU)
  Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
  Mobile: 0927-242-1630
  Email: pambansangseminar@gmail.com

- Bb. Marilou Bagona
  Departamento ng Filipino
  De La Salle University (DLSU)
  Taft Avenue, Lungsod ng Maynila
  Telepono: (02) 524-4611 lokal 509/552

DJP DLSU Pambansang Seminar-Worksyap, Kumperensya, at Pakitang-Turo
1098-Enero 19, 2018